KINDERGARTEN

Public education
**Discover a world of opportunities**

# MGA BILANG: PAG-AARAL SA TAHANAN

## MGA IDEYA UKOL SA GAWAING NAUUKOL SA BILANG PARA SA TAHANAN

### Magbasa kayo na magkasama

Ang mga aklat ay isang madali at nakakalibang na paraan upang dalhin ang matematika sa inyong tahanan. Habang kayo ay nagbabasa, dadagan ang kasiyahan sa pamamagitan ng pagtanong ng mga tanong gaya ng: *Sino ang pangalawang taong dumating? Ilang mga tao ang may buhok na kulay kape (brown)? Sino ang pinakamataas na tao sa litrato?* at *Nasa anong pahina tayo?* Bilangin ninyo ang mga pahina habang pinapalitan ninyo ang mga ito.

**Ang panahon ng pagligo ay magaling na panahon upang matuto tungkol sa pagsukat sa pamamagitan ng laro sa tubig.**

### Pagkain at pagluto

Sabihin sa inyong anak na magsukat ng mga sangkap na gamit ang mga kutsara, mga tabo (scoops) at mga tasa. Papasimulan ninyo sa kanya ang orasan para sa hurno (oven). Magkasama kayong maghanda ng mga pagkain at magtanong ng mga tanong gaya ng: *Ilang mga tao ang kakain? Ilang mga plato at mga tasa ang kailangan natin?* at *May sapat na bilang ng mga tenedor ba tayo para sa lahat?*



### Mag-usap kayo tungkol sa oras

- Mag-usap kayo tungkol sa mga araw ng linggo at sa mga gawaing nangyayari sa mga tiyak na araw. Halimbawa: *Binbisita natin si Lola sa Linggo* at *Namimili tayo sa Miyerkoles.*
- Mag-usap kayo tungkol sa mga gawaing ginagawa sa araw, gabi, umaga at hapon, gaya halimbawa: *Sa gabi, natutulog ako* at *Sa umaga, naliligo ako.*
- Mag-usap tungkol sa mga panahon at mga buwan ng taon, gaya halimbawa *Ang iyong kaarawan ay sa Mayo* at *Naglalaro tayo ng futbol sa panahon ng taglamig.*

**Ipakita sa inyong anak na ang pangkalahatang dami ng isang grupo ng mga bagay ay hindi magbabago kahit na inyong ibahin ang ayos ng mga ito.**

**Ilagay ninyo ang ilang mga bagay sa isang linya at magtanong kayo, *Gaano karami* ? Ilagay ang parehong mga bagay sa isang grupo at magtanong, *Gaano karami* ? Pareho ang sagot.**

### Isport

Ang isport ay isang paksa kung saan nabibilang ang matematika at ito ay madaling pag-usapan. Maaari ninyong:

- ituro ang puntos sa talaan ng puntos
- mag-usap tungkol sa mga nakakuha ng puwesto sa ilang karera – una, pangalawa, pangatlo...huli.

Department of Education

**Makakakita kayo nang higit pa mga pahina ng mga impormasyon ukol sa pantahanang pag-aaral sa education.wa.edu.au.**

© Department of Education, Western Australia, 2015